Republic of the Philippines
Department of Education
Region V
SCHOOLS DIVISION OF SORSOGON
Sorsogon

Pebrero 21, 2019

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 46, s. 2019

PROPAYLING AT PAG-OORGANISA NG PANSANGAY NA SAMAHAN NG MGA GURO SA FILIPINO

SA MGA: Kawaksing Tagapamanihala
SGOD at CID Chief
Mga Pansangay na Tagamasid
Mga Tagamasid Pandistrito
Punong Guro at Namumunong Guro
sa Antas Elementarya, Sekondarya at Paaralang Pribado
Guro sa Filipino

1. Sa pagnanais na magkaroon ng nagkakaisang sangkaguruan sa Filipino sa sangay ng Sorsogon, ninanais ng opisinang ito na maorganisa ang Samahan ng mga Gurong nagtuturo sa nabanggit na asignatura.
2. Layunin ng gawaing ito na:
   a. Mabuo ang samahan ng mga gurong nagtuturo sa sangay ng Sorsogon sa lebel elementarya at sekondarya.
   b. Maorganisa ang mga gawain sa taong panuruan 2019-2020.
   c. Malikom ang datos ng sangkaguruang nagtuturo ng Filipino sa sangay.
3. Ang pagpupulong ay dadaluhan ng mga Pangulo ng organisasyon ng mga guro sa bawat klaster sa sekondarya at mga pandistritong tagapag-ugnay/koordineytor sa elementarya. Sakaling hindi makadadalo ang Pangulo, maaaring maging kinatawan ang susunod sa katungkulan. Ito ay gaganapin gaya ng nasasaad.

PANGKAT	PETSA	ORAS	LUGAR
Pangulo ng Klaster	Marso 6, 2019	8:30 n.u.	SDO – Conference Hall
Pandistritong Koordineytor		1:00 n.h.	

4. Inaasahang magdadala ang bawat pangulo ng talaan ng mga guro batayan ang Kalakip Blg. 1 at ang propayl ng mga guro gamit ang Kalakip Blg.2.
5. Ang guguling kaugnay ng gawain gaya ng pamasahe at iba pang gugulin ng mga kalahok ay manggagaling sa pondong lokal/MOOE na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.
6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapabatid ng memorandum na ito.

LOIDA M. NIDEA. Ed.D., CESO V
Schools Division Superintendent

Kalakip: Gaya ng nasasaad